# CONVEYOR

ANG OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG ISLA NG SEMIRARA

TOMO 2 ISYU 3 HULYO-SETYEMBRE 2020




Nag-bayanihan ang mga empleyado at pamunuan ng SMPC upang makapagbigay ng PPE at medical supplies para sa mga frontliners ng Barangay Tinogboc.

## Pagbabayanihan para sa mga frontliners ng Caluya



**Ni Rachelle Ann N. Lauricio**

Bilang pakikiisa sa mga *frontliners* sa munisipalidad ng Caluya na patuloy na sinisiguro ang kaligtasan ng lahat kontra COVID-19, isang *medical* PPE *drive* ang inilunsad ng mga empleyado ng SMPC mula Hulyo hanggang Agosto sa diwa ng pagbabayanihan.

Nakalikom ng humigit-kumulang P53,000 na *cash* at *in-kind* na donasyon ang mga empleyado na tinapatan naman ng halagang P54,650 mula sa pamunuan ng SMPC upang ipambili ng *personal protective equipment* (PPE) at *medical supplies* para sa mga *frontliners* sa tatlong barangay sa isla at sa buong Caluya.

Kabilang sa mga donasyong ibinigay ng SMPC sa mga pinuno ng lokal na pamahalaan ay mga *surgical masks, surgical gloves, alcohol, non-contact thermal scanners, face shields at haz mat suits.*

>>PAHINA 6



SMPC launches ecobricks challenge, upcycling to reduce single-use plastics 3




'Oplan Taob' kontra dengue inilunsad ng BLGU-Semirara 5



Paano pinaunlad ng responsableng pagmimina ang payak na pamumuhay sa isla 12



Kung sa kasalukuyang panahon ng pandemya ay nage-eksperimento o sumusubok tayo ng mga bagong proseso, ito ay mabuting gawain.

Huwag tayong paghinaan ng loob o mawalan ng pag-asa kung ang mga sinusubukan nating pagbabago ay tipong hindi nagaganap ayon sa pinlano natin. Tuloy lang ang pagsasanay at pagpupunyagi.

Huwag manatiling miserable subalit tuluy-tuloy lamang ang pagkilos patungo sa gusto nating marating.

Huwag mabahala sa unti-unting pagsasaayos ng mga bagay-bagay.

Huwag muna mangarap ng biglaang tagumpay.

Ang krisis na ito ay lilipas din. Ngunit ipangako natin sa ating mga sarili na sikaping maging matatag upang ang ating karakter ay lalong tumibay at makarating tayo nang maluwalhati sa ating minimithing pagbabago at maayos na kinabukasan.

Manatili tayong ligtas palagi at panatilihin ang presensya ng pag-iisip sa bawat oras sa mga panahon ngayon.

**Vicente Cesar V. Malig**
*Editor in Chief/Administrative Division Manager*



Patuloy man tayong nakikipaglaban kontra COVID-19, hindi nito natinag ang ating kagustuhang maglunsad ng mga gawaing pagpapaunlad sa ating pamayanan.

Kabilang na diyan ang pagbabayanihan ng mga empleyado at pamunuan ng SMPC upang makalikom ng pondo pambili ng PPE at *medical supplies* para sa ating mga dakilang frontliners sa munisipalidad ng Caluya. Habang nariyan ang panganib na dulot ng pandemya, hindi rin mapapatid ang ating pagsuporta sa mga bagong bayani ng panahong ito.

Nagpatuloy din tayo sa pangangalaga ng ating kapaligiran, katuwang ang ating mga lokal na pamahalaan. Matagumpay nating naisagawa ang malawakang pagtatanim ng beach agoho sa Sitio Pinagpala sa Semirara at bakawan sa baybayin ng Alegria. Gayon din ang kauna-unahang Ecobrick Challenge at Upcycling Contest na malugod na nilahukan ng ating mga residente at kasamahan sa trabaho upang unti-unti nating mabawasan ang paggamit ng *single-use plastic* sa isla.

Naging limitado ang ating pagtitipon at pagsasalo, ngunit walang pandemya ang makapipigil sa pagtupad ng ating iisang mithiin na maging progresibo at matiwasay ang ating islang hirang.

Ipagpasalamat pa rin natin ang mga ganito nating tagumpay at patuloy na manalig na malalagpasan nating lahat ang pagsubok na ito.

**Engr. Ruben P. Lozada**
*Vice President for Mining Operations at Resident Manager*

Republic of the Philippines
Department of Energy

Semirara Mining & Power Corporation

Ang **CONVEYOR** ang opisyal na pahayagang pampamayanan ng isla ng Semirara na tatluhang-buwan na inililimbag ng Semirara Mining and Power Corporation sa pakikipagtulungan sa Department of Energy. Ang punong tanggapan ng SMPC ay sa 2F DMCI Plaza, 2281 Chino Roces Avenue, Makati City, Philippines 1231

Editorial Adviser **Engr. Ruben P. Lozada**
Editor in Chief **Vicente Cesar V. Malig**
Managing Editor **Rachelle Ann N. Lauricio**
Associate Editor **Rafael L. Antonio**

Section Editors
**Justine P. Balbin**
**Bernard M. Cadigal**
**Ben S. Lawangon**
**Catherine G. Lim**
**Romeo B. Malixi**
**Annaliza F. Patingan**
**Modesta E. Pionelo**
**Almar G. Valdemar**

Writing and Photo Contributors
**Ian Glenn B. Conejar**
**Janesto S. Diaz, Jr.**
**Joler Maming**
**Doreen Morgado**
**Sarah Jane A. Reyes**
**Jane Faye D. Tubongbanua**













# SMPC launches ecobricks challenge, upcycling to reduce single-use plastics

**By Justine P. Balbin and Ian Glenn B. Conejar**

SMPC conducted various activities last July aimed at encouraging employees and community members alike to collectively act in reducing plastic wastes in Semirara Island.

**Digital IEC**

Single-use plastics are commonly used for food containers and packaging. While these cheap products offer convenience, leaving these wastes accumulated over time will negatively affect the environment and also human health.

This led SMPC to embark on an Information, Education and Communication (IEC) campaign through series of digital posters cascaded to Postman email to suggest ways to refuse disposable plastics, reduce residual waste, and choose alternatives for these potential pollutants.

**'Ecobricks Challenge'**

The highlight of the Plastic Free July celebration was the "Ecobricks Challenge" joined by employee and their dependents in company housing facilities.

An ecobrick is a 1.5-liter plastic bottle stuffed with shredded single-use plastics and then compressed until the desired weight of more than half kilogram is achieved.

Each housing unit was required to produce at least three ecobricks. The month-long challenge collected as much as 3 tons of plastic waste.

Area 2 won the grand prize of diesel-powered grass cutter for having collected 731.60 kg of ecobricks. Carlo Rey Robles of Area 2 won the individual category for contributing 123.10 kg which is equivalent to 221 pieces of pet bottles.

A portion of the collected ecobricks were donated to Villaresis Elementary School, along with some construction materials, to build the school perimeter wall. The remaining ecobricks will be used in constructing *tanod* outposts and waiting sheds in housing areas.

**Upcycling Competition**

In partnership with BLGU-Semirara, the Upcycling Competition was joined by Sitio Cabitin residents whose creativity and ingenuity transformed recyclable wastes into plant boxes, Christmas decorations, garden ornaments, and a living room set consisting of couches and a center table.

The upcycled garden ensemble of Neneth Lucena bested all other contestants, with every component of her yard incorporated a creatively transformed scrap item. Glorebie Saliot's eco-friendly furniture set of assembled plastic bottles ranked second.

Runners-up received gift certificates from SMPC, while champions of the Ecobricks Challenge and Upcycling Competition were given sixty-second shopping spree at the commissary.

"*'Di ko akalain yung mga basura na in-*upcycle *namin ay magiging pera pa.* Thank you *sa* SMPC sa programang ito," said Lucena who brought home groceries worth P10,000.



Residents of Barangay Alegria and SMPC employees join forces in planting 400 mangrove seedlings to protect the coastal area from natural disasters.



# 900 mangrove seedlings planted along Alegria and Semirara coastlines

**By Jane Faye D. Tubongbanua**

True to its commitment to environmental stewardship, Semirara Mining and Power Corporation (SMPC), in partnership with the local government units of Barangay Alegria and Semirara, organized mangrove tree planting on August 22 and October 10, respectively.

A total of 900 seedlings provided by SMPC were planted along the coast of the two barangay by over 100 SMPC volunteer employees and barangay residents.

The coast of Barangay Alegria used to be covered with mangroves, but were badly destroyed by Typhoon "Ursula" (international name: Phanfone), considered the strongest to ever hit Semirara Island, on December 25, 2019. Half of the mangrove population had been washed out by the disaster resulting in damaged coastal lands.

Before the mangrove planting, SMPC's Reforestation and Rehabilitation Unit Supervisor Angelino Yandug led a brief orientation for participants about mangroves and their importance in the environment.

"*Malaki ang naging kahalagahan ng pagtutulungan ng* SMPC *at komunidad sa pagtatanim at pangangalaga sa ating mga* mangrove areas *dahil napapanatili nating mayaman ang ating mga kabakawan na siyang nagbibigay ng pagkain, proteksyon at nagpapanatili sa ating yamang dagat dito sa isla*," Yandug said.

Volunteers also planted api-api plants that will serve as barriers to prevent waves from washing out the mangrove propagules while they are still maturing.

"I am very grateful because the needed propagules and seedlings were supplied by SMPC. The damage made to the mangroves by Typhoon Ursula was rehabilitated thanks to SMPC," said Barangay Alegria Chair Modesta Pionelo.

"Mangroves planting taught us especially our youth to be responsible in our environment and be aware of our climate change adaptation. We do this not only for today's generation, but also for our future generations here in Semirara Island," said Barangay Semirara Chair Catherine Lim.

Mangroves or *bakawan* play a vital role in coastal communities. They serve as shields from strong winds and waves caused by typhoons. Most importantly, they have massive capacity at absorbing carbon that keeps the level of carbon dioxide in the atmosphere at manageable levels hence, helping the reduction of greenhouse emission.





Nag-inspeksyon at naghanap ng breeding sites ang mga barangay health workers, mga empleyado ng barangay at iba pang mga boluntaryo sa bawat sitio, lalo na sa mga masusukal na lugar.



# ‘Oplan Taob’ kontra dengue inilunsad ng BLGU-Semirara

**Ni Catherine G. Lim**
*Punong Barangay, Semirara*

Inilunsad ng lokal na pamahalaan ng Barangay Semirara ang “Oplan Taob” upang puksain ang mga pinamumugaran ng mga lamok na maaaring magdulot ng dengue sa mga mamamayan.

Ginanap ito noong ika-11 ng Hulyo sa pangunguna nina Punong Barangay Catherine Lim at Health Committee Chairman at Kagawad Maritess Delos Santos.

Nag-inspeksyon at naghanap ng *breeding sites* ang mga barangay health workers, mga empleyado ng barangay at iba pang mga boluntaryo sa bawat sitio, lalo na sa mga masusukal na lugar.


Ayon kay Shelley Talastas, Hospital Administrator ng SMPC Hospital, naitala ang 9 na kaso ng dengue simula buwan ng Enero hanggang Hulyo, higit na mababa sa naitalang 116 kaso noong nakaraang taon.

“Kailangan natin magkaisa. Ang sakit na dengue ay maaaring iwasan sa pamamagitan ng pagiging malinis sa kapaligiran,” panghihikayat ni Lim.

Ang programang ito ay pagsuporta sa malawakang “Sabayang 4-o’clock Habit” ng Department of Health (DOH) na layuning hanapin at puksain ang mga *breeding sites*, tulad ng mga lugar na may hindi dumadaloy na tubig o *stagnant water*.

Ang dengue ay isang sakit na dinudulot ng kagat ng lamok na *Aedes aegypti* at *Aedes albopictus*. Sinasabing aktibo ang mga ito tuwing alas-4 ng hapon.

Batay sa datos ng DOH, umabot sa 622 ang namatay sa dengue noong Enero hanggang Hulyo 2019. Nakapagtala ang Western Visayas ng pinakamataas na kaso ng dengue sa buong bansa na umabot sa 23,330.



# Pagbabayanihan para sa mga frontliners ng Caluya

**MULA PAHINA 1**

"Kaming mga taga-SMPC ay naniniwala na kayong mga *frontliners, medical personnel* o ordinaryong mamamayang nag-boluntaryo para manilbihan bilang isang *frontliner*, ay instrumento ng pag-asa na nagbibigay ng ispiritwal, mental at emosyonal na suporta sa lahat ng pasyente at mga nagiging PUI, PUM sa mga panahon ng pandemya sa ating isla," ani Vicente Malig, Administrative Division Manager ng SMPC.

"Maganda at nagtutulungan ang LGU at ang SMPC para sa ikabubuti ng ating mga mamamayan lalo laban sa pandemya na ito," ani Caluya Mayor Rigil Kent Lim matapos tanggapin ang mga donasyon para sa munisipalidad.







Malugod na tinanggap ng mga pinuno ng mga lokal na pamahalaan sa munisipalidad ng Caluya ang mga donasyong PPE at medical supplies mula sa SMPC. Mula itaas: Caluya Mayor Rigil Kent Lim; Tinogboc Punong Barangay Romeo Malixi; Alegria Punong Barangay Modesta Pionelo; at Semirara Punong Barangay Catherine Lim.

# Grit and selflessness in the face of pandemic

Semirara Island was not spared from the threat of COVID-19 after recording confirmed cases in the first half of the year. But through the collective efforts of community members and the unrelenting risk management of barangay councils of Alegria, Semirara and Tinogboc, the island community managed to weather the situation and no critical case has been recorded since then.

We asked our three barangay chairs on their preparedness and response in the face of COVID-19 pandemic:



**Modesta E. Pionelo**
*Punong Barangay, Alegria*

*How is Barangay Alegria coping with the threat of COVID-19?*

Dahil sa pagtutulungan ng bawat isa, barangay council, mga tanod, mga BHERT, responders, BADAC Auxiliary at iba pang mamamayan ay nakayanan namin na maiwasan ang pagkakaroon ng COVID-19 sa aming lugar.

Sa tulong na din ng SMPC, LGU-Caluya at BLGU-Semirara na laging sumusuporta sa aming barangay at sa ibang concerned citizen na tumutulong sa kasagsagan ng pandemya.

*What are the best practices that your barangay has done to prevent the spread of COVID-19?*

Ang mga ginagawa namin para mabawasan at maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 ay mahigpit naming sinusunod ang national health protocol na ipinatutupad ng LGU-Caluya at IATF gaya ng pag-practice ng social distancing, pagsusuot ng mask, madalas at tamang paghuhugas ng kamay at laging pagpapaalala sa aming mga kabaryo na laging mag-ingat kung nasa pampublikong lugar. Mas hinigpitan din namin ang pagbabantay sa docking area at boundary areas para alam namin ang mga lumalabas at pumapasok sa aming barangay.

**Catherine G. Lim,** *Punong Barangay, Semirara*



*What has been the biggest challenge in handling COVID-19 in your barangay so far?*

The biggest challenge is the monitoring of returning locally-stranded individuals (LSIs) and the ins and outs of the residents of the barangay. It is challenging especially for our BHERT Team because since the start of the pandemic, they have been continuously monitoring the LSIs and the team has no rest nor respite in checking and monitoring. I am grateful for our BHERT Team because you can see from their work that despite the fact that they don't have much rest, they still have the initiative and the eagerness to do their duties. I also appreciate the partnership between SMPC and the Barangay LGU with the provision of the quarantine facility. Because of this, we have a stable facility wherein we can house the LSIs without discomfort to them and to those monitoring them.

*How is Barangay Semirara coping with the pandemic?*

I believe teamwork is the best defense against COVID-19 and taking responsibility. Dito kasi sa isla, meron tayong teamwork at sumusunod tayo sa patakaran ng regional IATF na siyang ipinapatupad ng barangay. Yung pag-take natin ng responsibility, na honest tayo 'pag kailangan ma-quarantine, nagpapa-quarantine talaga tayo. Malaki talaga ang pasasalamat ko sa kooperasyon ng lahat dahil kung hindi dahil sa sa ating lahat, hindi tayo magiging matagumpay at sana ipagpatuloy natin ang ginagawa natin ngayon.



**Romeo B. Malixi**
*Punong Barangay, Tinogboc*

*What changes do you see in the next months?*

Talagang marami at malaki ang magiging pagbabago. Changes in health care during emergencies. Mas magiging mahigpit tayo sa pagpapatupad ng mga health protocols para tuluy-tuloy ang pagiging COVID-19 free ng Semirara Island. Kailangan lang natin magtiis ng kaunti at malalagpasan din natin ito.

*What are the best practices that Barangay Tinogboc has done to prevent the spread of COVID-19?*

Strict implementation of the health protocols and guidelines set forth by the IATF on handling the situation. These guidelines are working for us since they help prevent the contamination of the virus. I hope that the senior citizens and the young ones understand the situation enough for them to see that these guidelines are for them since they are the most vulnerable to the disease. Pinoproteksyunan lang natin sila.





(Leftmost photos) Series of dry-runs and orientations for modular and online learning were attended by DWSSII teachers and administrators followed by simulation with the parents and pupils at home prior to the opening of classes on September 7. (Right) SMPC continues to install hand washing facilities to schools on the island to promote hand hygiene as part of the minimum health protocol advised by the Inter-Agency Task Force.




# SMPC supports 'new normal' opening of classes in Semirara

**By Sarah Jane A. Reyes and Doreen Morgado**

"Education cannot wait!"

This was the brave statement of Department of Education (DepEd) Sec. Leonora Briones during her press conference last June 8 on the preparation for the opening of classes in October, amid the prevailing threat of COVID-19 pandemic.

Given the signal, SMPC has provided all-out support to the "new normal" program of schools on Semirara Island.

Through the *bayanihan* of SMPC employees and the management, about 200 reams of A4 bond paper were donated to Semirara National High School, Semirara Elementary School, Alegria Elementary School, Bunlao Elementary School, Tinogboc National High School, Tinogboc Elementary School, and Sabang II Elementary School to support their modular learning.

"The employees are one with the students of Semirara Island and we recognize the need to support them in any way we can. So we launched the Module Project to augment the schools' need for bond papers," said IEC Officer Rachelle Lauricio.

SMPC also continues to install at least four hand washing facilities to schools to promote hand hygiene as part of the minimum health protocol advised by the Inter-Agency Task Force.

Campaign posters on proper hand hygiene were also installed for everyone's reference.

Meanwhile, the Divine Word School of Semirara Island, Inc. (DWSSII) identified and selected the learning modalities to be adopted by the school, after having consultations with representatives of major community stakeholders.

It was not easy at first since everyone was strictly discouraged to go out or to gather in large groups. Some tasks were done at home and some were done at the Library Hub which served as the school's new post while some DWSSII buildings were temporarily used as community quarantine facilities.

Series of dry-runs and orientations for modular and online learning were attended by teachers and administrators followed by simulation with the parents and pupils at home prior to the opening of classes on September 7.

Module distribution and retrieval are done every Wednesday and Saturday. Children were not allowed to tag-along with their parents during the distribution and retrieval.

For the class schedule, pupils attend four meetings in a week which include two modular activities, one offline video, and one online class. The duration of classes varies per grade level considering their attention span and concentration as well as productivity.

With the help of SMPC, parents, and other stakeholders, concerns were addressed immediately. Truly, when there is teamwork and collaboration, things will get done easily.

Vol2 Issue 3.indd 8 20/01/2021 5:58:19 pm



Higit 1,000 seedlings ng beach agoho ang sama-samang itinanim ng mga kabataan at kasapi mula sa iba't ibang ahensya ng lokal na gobyerno ng Semirara bilang paggunita sa Linggo ng Kabataan. *Retrato mula sa SK Caluya Federation at SK Semirara*



**Ni Joler Mameng**

# SK-Caluya at Semirara ginunita ang Linggo ng Kabataan sa pagtatanim ng 1,350 puno

Sa paggunita ng Linggo ng Kabataan ngayong taon, nagsagawa ng *tree planting activity* ang 75 kalahok ng Barangay Semirara, sa panguguna nina Punong Barangay Catherine Lim at Sangguniang Kabataan (SK) Chairman Mark Lian Eulogio. Nakapagtanim ng 1,350 *seedlings* ng *beach agoho* sa dalawang araw na pagtatanim sa Sitio Pinagpala noong Setyembre 11 at 26.

"Ang aming layunin ay magkaroon ng pakikipag-ugnayan ang ating kabataan ngayon sa ibang sektor ng lipunan upang maging kapaki-pakinabang na mamamayan ng Caluya. Salamat sa SMPC sa pagbibigay ng *seedlings* at area ng pagtataniman. Ito ay malaking tulong para ang ating kabataan ay maging ehemplo sa pangangalaga ng kalikasan," ani Eulogio, na siya rin SK Federation President ng Munisipalidad ng Caluya.

Kasama sa mga nagtanim ang iba't ibang ahensya ng gobyerno tulad ng Philippine Coast Guard (PCG)-Semirara, Philippine National Police (PNP)-Semirara, mga opisyal ng SK, Tau Gamma Fraternity at ang LGU-Semirara.

Ang tema ng nasabing selebrasyon ay "*Youth Engagement For Global Action*" na naglalayong mas paigtingin at palakasin ang tungkulin ng mga kabataan sa ating lipunan.

Sa pagsagawa ng nasabing aktibidad, siniguro ng lahat ang pagsunod sa mga *minimum health protocols* laban sa COVID-19.

---

**MULA PAHINA 11**

Nakita rin ng SMPC ang kakulangan sa edukasyon sa isla kaya hindi nag-atubili ang dating pangulo ng SMPC na si Victor A. Consunji na magpatayo ng karagdagang silid-aralan at maipatayo ang high school sa Barangay Semirara at Divine Word School of Semirara Island, Inc. (DWSSII).

Bilang katapatan sa pangangalaga sa kalikasan, pinangunahan din ng SMPC ang pagpapalago ng mga bakawan na umabot na sa mahigit 196 ektarya. Isinulong din ng SMPC ang pag-*rehabilitate* sa Unong at sa Panian, na itinuturing ngayon na modelo ng *mine rehabilitation* sa bansa ng DOE.

Nakapagtanim at nagpapanatili din ang SMPC ng mahigit 1 milyong puno sa isla, at itinatag ang Semirara Marine Hatchery and Laboratory at Semirara Biodiversity Conservation Center upang isulong at proteksyunan ang buhay ilang.

Sa kasalukuyan, patuloy ang pakikipagtulungan ng SMPC sa mga lokal na pamahalaan at sa pahintulot na rin ng DOE na mas paunlarin ang antas ng pamumuhay ng bawat Semiraranhon upang makasabay sa hamon ng globalisasyon habang pinananatili ang mabuting kalagayan ng kapaligiran ng isla.



By DOE

# DOE Sec. Cusi calls for 'conscious consumption' of energy as PH plunges into recession

> "As the nation battles the economic recession, there is a need to be conscious of our expenditures. Napakahalaga ng pagtitipid para sa ating lahat sa mga panahong ito."
>
> *Secretary Alfonso G. Cusi*
> *Department of Energy*

TAGUIG CITY - Energy Secretary Alfonso G. Cusi on Thursday (August 6) called for the "conscious consumption" of energy, especially as the country plunges into recession due to the COVID-19 pandemic.

In a virtual press conference, Secretary Cusi said that while the country may have enough power supply from the recent economic slowdown, household power consumption is expected to increase, with most people staying at home to help contain the spread of COVID-19.

"I am appealing to our consumers; let us be mindful of our power consumption habits in this pandemic time," Secretary Cusi said, adding that conscious consumption will also help keep electricity bills under control.

He further stated that regulating power consumption would contribute to effective household budget management, as a lot of Filipinos face the threat of losing, or may have already lost their jobs and sources of income, because of the pandemic.

"As the nation battles the economic recession, there is a need to be conscious of our expenditures. Napakahalaga ng pagtitipid para sa ating lahat sa mga panahong ito," the Energy Chief pointed out.

Reviewing the energy consumption trend in the past months, Secretary Cusi said that while the industrial/commercial use of electricity has gone down, the number of kilowatt hour (KWH) among residential users really went up.

"So, it doesn't mean that because we have all the supply, pwede tayo magkaroon ng luxury of not controlling our electricity use" he said.

To help consumers manage their electricity consumption, Secretary Cusi said the DOE will soon roll out an energy efficiency communications campaign through the DOE-Public Affairs Office.

*(First published in DOE website on August 9, 2020)*



Panian, 1998




M/V Maria Cristina

Mula sa simpleng pamumuhay sa isla, unti-unting nagbago ang buhay ng mga Semiraranhon dahil sa responsableng pagmimina ng SMPC na nagdulot ng positibong ambag sa kanilang mga kabuhayan at panlipunang kalinangan habang pinoprotektahan ang kapaligiran. Lahat ng ito ay dahil sa pakikipagtulungan ng SMPC sa mga lokal na pamahalaan at sa patnubay at pahintulot ng Department of Energy na siyang regulador nito.



Pag-uugnay sa mga barangay sa isla dulot ng road network at concreting



SMPC Infirmary



Semirara Training Center, Inc. (STCI)

**MULA PAHINA 12**

ng bigas na galing Mindoro ay hindi makakarating. Halos ganito ang buhay ng mga tao sa isla noong 1980s.

**Pagtatag ng SMPC**

Unti-unting umasenso ang isla nang itinatag ang Semirara Coal Corporation na naging Semirara Mining Corporation (SMC at kalauna'y SMPC) nang bilhin ito ng DMCI Holdings, Inc. noong 1997.

Dahil sa *royalty payments* ng SMPC sa gobyerno na umabot na sa mahigit P25 bilyon simula 1997, naging *first-class municipality* ang Caluya noong 2004. Dahil ang SMPC din ang pinakamalaking *employer* sa isla, tumaas ang kita ng mga residente.

Lahat ng mga imprastrakturang naipatayo tulad ng konkretong kalsada na nagdudugtong sa mga barangay, *food court, evacuation sheds*, pamilihan, at pantalan, at iba pang proyektong pagpapaunlad ay naisakatuparan ng SMPC dahil sa pag-apruba at suporta ng Department of Energy (DOE) na siyang regulador nito.

Sa ngayon, ang SMPC Infirmary ang sentro ng pangkalusugan sa isla. Para maibsan ang kakulangan sa gamot at maabot ang mga sitiong malayo sa sentro, naglunsad din ang SMPC ng mga *medical, surgical* at *dental missions.*

Ang SMPC, sa pakikipagtulungan sa ANTECO, ang naging tulay sa pagpapakuryente sa buong isla noong 1999. Mula noon, naging maliwanag na ang paligid kahit gabi at mura ang halaga ng kuryente.

>>PAHINA 9



# Paano pinaunlad ng responsableng pagmimina ang payak na pamumuhay sa isla

Ni Janesto S. Diaz, Jr.

Naalala ko noong bago pa lamang ako dito, mahirap ang buhay sa isla ng Semirara. Mabibilang sa mga kamay ang may-ari ng *motor* at *tricycle* kaya naman kadalasan ang mga tao ay naglalakad papunta at pabalik ng Barangay Tinogboc at Semirara.

Bago pa ang pagbubukas ng minahan sa isla, ang pagpunta sa San Jose, Mindoro mula Semirara ay sa pamamagitan ng bangkang may layag o *sail boats* na umaabot ng isang linggo o kaya'y isang araw kung de-motor ito.

Kahit nga pagpunta lamang ng Barangay Alegria at Sitio Villaresis ay kailangan pang gumamit ng bangka.  Ang iba nama'y sumasakay ng kabayo para makapunta sa kanilang paroroonan.

Limitado rin ang komunikasyon noon. Kung magpapadala ka ng liham, ipapadala mo ito sa Caluya at halos 3 buwan bago ito makarating sa iyong pamilya at kaibigan sa ibang lugar.

Ang karaniwang paggamit ng lupa sa isla ay para sa pastulan ng mga baka at kambing.

Dahil malago ang mga bakawan sa isla, maganda ang huli ng mga isda at iba't ibang uri ng yamang dagat. Pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga

**Lahat ng mga imprastrakturang naipatayo tulad ng konkretong kalsada na nagdudugtong sa mga barangay, food court, evacuation sheds, pamilihan, at pantalan, at iba pang proyektong pagpapaunlad ay naisakatuparan ng SMPC dahil sa pag-apruba at suporta ng Department of Energy (DOE) na siyang regulador nito.**

Semiraranhon noon, habang ang iba'y nagtatanim din ng mga *root crops* at mais. May nagtatanim din ng mga niyugan lalo na sa bandang Alegria.

Karamihan din ay nagbebenta ng tambalang o *seaweeds*. Hindi masyadong nakakapagtanim ng palay ang mga residente dahil walang natural na irigasyon at nakakapagtanim lamang sila tuwing tag-ulan.  Kaya ang pang-araw-araw na kita sa isla ay hindi sapat.

Ang iba ay pumupunta pa sa Mindoro para sa "panganihan" o yung panahon ng pagtatanim doon. Ang mga sobrang isda na hindi naibenta ay gagawing daing at ibebenta rin sa Mindoro.

Noon ay walang ospital sa isla. Mga *health centers* na may *midwife* ang takbuhan ng mga tao kapag nagkakasakit dahil walang mga doktor at mahirap makabili ng gamot. Kaya mahirap magkaroon ng malubhang sakit dahil kailangang pang magpagamot sa Mindoro.

Kakaunti lamang ang nakapag-aral at nakapagtapos ng kolehiyo. Kadalasan ay hindi rin nakakatapos ng elementarya dahil mas kailangan nila maghanapbuhay sa pamamagitan ng pangingisda, pagtatanim at panghihinas. Dahil dito, naging mababa ang antas ng pagbasa at pagsulat.

Napakadilim din noon sa isla dahil walang kuryente. Gumagamit ng gasera ang karamihan o *generator* para sa mga nakaluluwag.

Mahirap ang buhay lalo na kung may bagyo. Walang pagkain sa isla dahil hindi sila makakapangisda at ang suplay

>>PAHINA 11

Vol2 Issue 3.indd 12 20/01/2021 5:58:25 pm